



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Ika-16 ng Abril, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Sarah Zahedi – 415.749.4900

Nag-aalok ang Air District ng mga gawad sa komunidad upang suportahan ang edukasyon at pakikibahagi ukol sa kalidad ng hangin

Bukas na ngayon ang pagtawag sa mga bagong proyekto

SAN FRANCISCO – Nag-aalok ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ng mga gawad ng hanggang sa \$25,000 sa mga hindi pangkalakal (non-profit) na kaakibat at organisasyong nakabatay sa komunidad upang suportahan at itaguyod ang mga solusyong nakabatay sa komunidad na tumutugon sa problemang pagpaparumi sa hangin habang tumutulong din sa pagbawas ng ating epekto sa pandaigdig na klima.

Nakahanda ang gawad na pagpopondo upang suportahan ang mga pagsisikap sa edukasyon at pakikibahagi ukol sa kalidad ng hangin. Popondohan ng mga gawad na ito ang mga gawaing hindi panteknikal gaya ng mga edukasyonal na kampanya sa aktibong transportasyon, mga proyekto sa pagtatanim sa lungsod, at mga proyekto sa pakikibahagi ng komunidad para sa hustisyang pangkapaligiran.

Maaaring kasama sa mga halimbawa ng mga kwalipikadong ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga di-teknikal na edukasyonal na kampanya ukol sa kalidad ng hangin
- Mga proyekto sa pagtatanim ng puno na pinangungunahan ng paaralan o komunidad
- Mga proyekto sa pagtatanim sa lungsod sa antas ng kapitbahayan
- Mga pagpoprograma sa aktibong transportasyon sa mga lugar na may mataas na pagpaparumi sa hangin
- Pagsuporta sa mga gawaing pakikibahagi ng komunidad na may kinalaman sa kalidad ng hangin sa mga lugar na may mataas na pagpaparumi sa hangin
- Edukasyon at pakikipag-ugnayan sa komunidad ukol sa hustisyang pangkapaligiran

Tinatanggap na ngayon ang mga aplikasyon at dapat itong i-upload sa elektronikong paraan bago sumapit ang 5 p.m. sa ika-7 ng Hunyo, 2019. Ang online na portal ay matatagpuan sa <https://baaqmd.bonfirehub.com/>

Magsasagawa ang Air District ng webinar at impormasyonal na sesyon sa Lunes, ika-22 ng Abril, 2019, sa 3:30 p.m., at magkakaroon ng pagkakataon ang mga magiging aplikante na magtanong tungkol sa kanilang mga panukala. Magparehistro upang dumalo sa impormasyonal na webinar sa <https://bit.ly/2GfkShU>.

Upang matuto nang higit pa o upang mag-aplay, mangyaring pumunta sa www.baaqmd.gov/communitygrants. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan kay Ana Vasudeo sa communitygrants@baaqmd.gov.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na binubuo ng siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)